
# Mga Pagpiling May Epekto sa Kawalang-Hanggan, Bahagi 3



Alamin ang katotohanang may kaugnayan sa inyong pagbabalik-loob. Ang totoo ay kayo dapat ang responsable sa sarili ninyong pagbabalik-loob. Walang iba pang makagagawa nito para sa inyo.

Ngayon, maaari ko ba kayong anyayahang pag-isipan ang ilang tanong? Gusto ba ninyong makadama ng kapayapaan tungkol sa mga alalahaning kasalukuyang bumabagabag sa inyo? Gusto ba ninyong higit na makilala si Jesucristo? Gusto ba ninyong malaman kung paano mapaghihilom ng Kanyang banal na kapangyarihan ang inyong mga sugat at kahinaan? Gusto ba ninyong madama ang matamis at [nakapapayapang] kapangyarihan ng Pagbabayad-sala ni Jesucristo sa inyong buhay?

Para masagot ang mga tanong na ito, kailangan ang pagsisikap—malaking pagsisikap. Nakikiusap ako na alagaan ninyo ang inyong patotoo. Pagsikapan ito. Angkinin ito. Pangalagaan ito. Pagyamanin ito para lumago ito. Busugin ito ng katotohanan. Huwag itong dungisan ng mga maling pilosopiya ng mga lalaki at babaeng walang pananalig at pagkatapos ay magtaka kung bakit humihina ang inyong patotoo.

Magdasal nang taimtim at mapagpakumbaba araw-araw. Busugin ang inyong sarili sa mga salita ng mga sinauna at makabagong propeta. Hilingin sa Panginoon na ituro sa inyo kung paano Siya higit na maririnig. Gumugol ng mas maraming panahon sa templo at sa paggawa ng family history.

Kapag inuna ninyo sa lahat ang inyong patotoo, hintaying mangyari ang mga hiwaga sa inyong buhay.

Kung mayroon kayong mga tanong—at sana'y mayroon nga—hanapin ang mga sagot nang may taimtim na pagnanais na maniwala. Alamin ang lahat ng kaya ninyo tungkol sa ebanghelyo at tiyaking bumaling sa mga pinagmumulang puno ng katotohanan para sa patnubay. Nabubuhay tayo sa dispensasyon kung kailan "walang anumang bagay ang ipagkakait" [Doktrina at mga Tipan 121:28]. Sa gayon, pagdating ng panahon, sasagutin ng Panginoon ang lahat ng tanong natin.

Habang naghihintay, gawing malaking bahagi ng inyong buhay ang maraming paghahayag na madali nating makukuha. Nangangako ako na sa paggawa niyon, lalakas ang inyong patotoo, kahit hindi pa nasasagot ang ilan sa inyong mga tanong. Ang inyong tapat na mga pagtatanong, nang may pananampalataya, ay *laging* hahantong sa mas malaking pananampalataya at higit na kaalaman. . . .

Kapag inalagaan ninyo ang inyong patotoo at pinalago ito, magiging mas mabisang kasangkapan kayo sa mga kamay ng Panginoon. Kayo ay "bibigyang-sigla ng higit na mainam na [layunin]" [Alma 43:45]—ang layunin ni Jesucristo!

Walang nangyayari sa daigdig na ito na mas mahalaga pa kaysa sa pagtitipon ng Israel *para sa Kanya*. Ipaalam sa inyong Ama sa Langit na gusto ninyong tumulong. Hilingin sa Kanya na patulungin kayo sa maluwalhating layuning ito. At pagkatapos ay manatili at mamangha sa mangyayari kapag hinayaan ninyong manaig ang Diyos sa inyong buhay.

Mahal kong mga kaibigang kabataan, mahal ko kayo. Nagpapasalamat ako sa inyo. Nananalig ako sa inyo. Bilang propeta ng Panginoon, binabasbasan ko kayong malaman ang katotohanan kung sino kayo at pahalagahan ang katotohanan kung ano talaga ang inyong maluwalhating potensyal. Binabasbasan ko kayo na alagaan ang inyong sariling patotoo. At binabasbasan ko kayo na magkaroon ng pagnanais at lakas na tuparin ang inyong mga tipan.

Kapag ginawa ninyo ito, nangangako ako na espirituwal kayong lalago, mawawala ang inyong pangamba, at magkakaroon kayo ng kumpiyansa na maaaring hindi pa ninyo maisip ngayon. Magkakaroon kayo ng lakas na magkaroon ng positibong impluwensya na higit pa sa inyong likas na kakayahan. At nangangako ako na magiging mas maganda ang inyong kinabukasan kaysa anumang pinaniniwalaan ninyo ngayon. (Russell M. Nelson, "Mga Pagpiling May Epekto sa Kawalang-Hanggan" [pandaigdigang debosyonal para sa mga young adult, Mayo 15, 2022], broadcasts.ChurchofJesusChrist.org)

ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW

© 2025 by Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. PD80007812_893_544_handout-3